

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy ng Uri ng Pang-uri (Mga Sagot)

Isulat ang mga titik **PL** kung ang pang-uri na may salungguhit ay **pang-uring panlarawan**, **PM** kung ito ay **pang-uring pamilang**, at **PT** kung ito ay **pang-uring pantangi**.

- PL 1. Kausapin natin ang ating kaklase na mahiyain.
- PT 2. Isang paring Katoliko ang namuno sa misa sa EDSA.
- PM 3. Nakapila na ang mga mag-aaral sa ika-anim na baitang.
- PM 4. Binigyan ako ni Tatay ng singkuwenta pesos.
- PT 5. Tangkilikin natin ang mga produktong Pilipino.
- PL 6. Luma na ang mga kasangkapan sa bahay ni Lola.
- PM 7. Si Jessica ang pangalawang kalahok na kakanta.
- PT 8. Napakatamis ng mga manggang Guimaras!
- PL 9. Ang mga daan papuntang bayan ay baku-bako.
- PM 10. Si Noynoy Aquino ay ang ikalabinlimang pangulo ng Pilipinas.
- PL 11. Dalhin mo itong itim na bag sa loob ng bahay.
- PT 12. Nagpadala ako ng mga longganisang Lucban kay Shiela.
- PL 13. Sinususuklay ni Nanay ang mahabang buhok ni Rachel.
- PT 14. Isinuot ni Ginoong Martin ang bagong barong Tagalog.
- PM 15. Nakaabang sa pinto ang tatlong aso ni Rommel.